


Tuklasin ang Kanyang Kagandahan sa Loob ng 7 Minuto

Part 1 of 7

# TUKTOK LAMANG NG BUNDOK NG YELO

DR. NAJI IBRAHIM



**"Ito ay"...**

- Naghihikayat sa atin na magkaroon ng mabuting intensyon, tamang pag-uugali at mabuting damdamin sa kapwa.
- Nagtuturo sa atin na magpatawad, at nagtuturo na naisin para sa kapwa ang alinmang ninanais natin para sa ating sarili.
- Naghihikayat sa atin na ngumiti at maging mabuti sa kapwa.
- Nag-uutos sa atin na maging mapitagan.
- Nag-uutos sa atin na magkaroon ng tamang asal at maging magalang.
- Nag-uutos sa atin na maging mahinahon sa mga hayop, sa mga ibon at sa kapaligiran.
- Nagtatagubilin sa atin ng paggalang at pag-aruga sa ating mga magulang at sa mga matatanda, at maging mabuti sa ating pamilya, asawa at mga anak.



**Interesado ka ba tungkol dito? Hayaan mo akong magbahagi pa sa iyo! Ito rin ay...**


- Naghihikayat sa atin na tumulong, magpakain, at sumuporta sa mga mahihirap, sa mga nangangailangan at sa mga may kapansanan.
- Gumagabay sa atin upang maging mapagbigay, mapagkawanggawa, at matulungin.
- Naghihimok sa atin na maging positibo sa pamamagitan ng pagsali sa boluntaryong gawain at paglilingkod sa pamayanan.
- Nagsasabi sa atin na ang pinakamainam na mga tao ay ang mga pinaka-kapaki-pakinabang sa iba.
- Nagsasabi na ang pinaka marangal na tao ay ang mga pinakamatakutin sa Diyos (Allah) at pinakamabuti, na ang mga puso ay dalisay at walang bahid na inggit, poot, at kayabangan.
- Nagsasabi sa atin na mag-isip, magbigay ng tamang pagdadahilan at maglahad ng tamang pahayag ng may katibayan.



THE SACRED MOSQUE, MAKKAH, SAUDI ARABIA

**Bago ko ipahayag ang lihim na ito ay hayaan muna ninyo na aking sabihin bilang karagdagan. "Ito" rin ay…**


- Nagtuturo sa atin na ang lahat ng tao ay pantay-pantay, anuman ang kanyang lahi, kulay at bansang kinabibilangan.
- Nagbabawal sa lahat ng uri ng apartheid, diskriminasyong batay sa klase, at rasismo.
- Nag-uutos sa atin na panatilihin ang seguridad, magpalaganap ng kapayapaan, at mamuhay nang mapayapa at may pagkakaisa sa mundo.
- Nag-uutos sa atin na huwag lumabag laban sa iba o magnakaw ng kanilang pera o ari-arian
- Nagbabawal ng pagpatay sa mga inosente, pati na rin ang pagtataksil, panlilinlang, at paglabag sa mga kasunduan.
- Nag-uutos sa atin na iwasan ang pagkamuhi at pagkapoot sa iba.
- Nag-uutos sa atin na huwag saktan, manirang-puri, pagtawanan, o kutyain ang iba.



- Nag-uutos sa atin na huwag manloko, magsinungaling, o mag-isip ng masama sa iba.
- Gumagabay sa atin sa katotohanan, katarungan, pagiging mapagkakatiwalaan, pagkamapagbigay, at kababaang-loob.
- Nag-uutos sa atin na panatilihin ang isang mabuting ugnayan sa ating Diyos na Maylalang, sa sarili, at sa iba.

Katotohanan, ito ay sadyang magdadala sa atin tungo sa ganap na katotohanan at tagumpay, ganap na katiwasayan ng isip, tunay na kaligayahan, kaligtasan, at buhay na walang hanggan.

***Ngayon, hayaan mong sabihin ko sa iyo kung ano ''ito''...***



***Kung ang mga isip ay bihag ng pagtatangi o makitid na pag-iisip, hindi nila kailanman makikilala ang kagandahan o katotohanan ng Islam!***

Marahil ang ilang mga mambabasa ay mayroon nang hinala, negatibong mga ideya tungkol sa Islam. Marahil ay nakita lamang nila ito tulad ng inilalarawan ng midya, na nakatuon sa mga terorista.

Marahil ay nabasa o narinig nila ang tungkol sa Islam mula sa hindi mapagkakatiwalaan o may pagkiling na batayan.

Gayunpaman, kung nais mong matuklasan ang mas maaasahang impormasyon tungkol sa Islam, inaanyayahan kitang basahin - nang may layunin at may bukas na isipan - ang sipi na ito at ang iba pang mga bahagi ng seryeng Tuklasin ang Kagandahan nito sa 7 minuto! na nagpapakita ng kagandahan at pagiging simple ng Islam at nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa:

- Paglikha sa sansinukob,
- Paglalang sa atin,
- Ating ispirituwalidad,
- Dalisay na pagkilala sa Diyos,
- Konsepto ng pagsamba,
- Layunin ng buhay,
- Paraan upang makakamit ang tunay na kaligayahan at ganap na kasiyahan,
- Ating huling patutunguhan sa kabilang buhay.



THE PROPHET'S MOSQUE, MADINAH, SAUDI ARABIA

# Sinasagot Ng Islam Ang Mga Mapanuring Katanungan, Tulad Ng

- Ano ang ganap na katotohanan?
- Sino ang lumalang sa atin?
- Mayroon bang Diyos?
- Sino ang ating tunay na Diyos?
- Sino ang huling Propeta ng Diyos?
- Sino ang dapat nating sambahin?
- Sino tayo?
- Bakit tayo narito?
- Ano ang mangyayari pagkatapos nating mamatay?
- Ano ang magiging buhay sa susunod?
- Ano ang ating huling hantungan - Paraiso o Impiyerno?
- Paano natin makakamtan ang ganap na kapayapaan ng isip, tagumpay at tunay na kaligayahan?
- Paano natin makakamit ang buhay na walang hanggan?




LONDON CENTRAL MOSQUE, UK

Habang mas lalo mong binabasa at pinag-aaralan ang tungkol sa Islam mula sa tunay at maaasahang mga batayan, mas lalo mong matutuklasan na ito ang totoong relihiyon nina Adan at Eba at kanilang mga inapo hanggang sa katapusan ng mundong ito. Ang Islam ay simple, makatwiran, malinaw, praktikal, at malawak ang saklaw.

Ang kagandahan ng Islam ay walang hanggan, dahil nagmula ito sa Nag-iisang Walang-hanggan, ang Tagapaglikha.

Ang Nag-iisang Tunay na Diyos, ang Allah, ay nagsasaad sa maganda at hindi nabago na Qur'an:

> ***Sa Araw na ito, Aking ginawang ganap ang inyong relihiyon para sa inyo, ginawang lubos ang Aking pagpapala sa inyo at ikinalugod [na pinili] para sa inyo ang Islam bilang inyong relihiyon.." (Qur'an 5:3)***

Ang Iisang Tunay na Diyos ay nagsasabi sa atin na si Muhammad ang Kanyang huli at pangwakas na Propeta, na ipinadala sa buong sangkatauhan (mga Hudyo, Kristiyano, Muslim, Hindu, Budista, atheista, agnostiko, at iba pa).

Inihahandog ng Allah ang Kanyang patnubay at ilaw sa lahat ng mga tao. Inihahayag niya ang mga lihim at susi kung saan makakamit natin ang kapanatagan at kasiyahan, pati na rin ang espirituwal at pandaigdigang kapayapaan.

Itinuturo sa atin ng Islam na maging makatarungan, matalino, taos-puso, matapat, may layunin, at bukas ang kaisipan sa ating paghahanap ng katotohanan.



SULTAN AHMET MOSQUE, ISTANBUL, TURKEY

# Mga Talasalitaang Islamiko

**Allah**: Ang Pangalan ng Nag-iisa at Tunay na Diyos, ang Tagapaglikha. Ang Islam ay nagtuturo na si Allah ang siyang Tunay na Diyos sa lahat ng sangkatauhan at nilalang. Ang mga Hudyong Arabo at Kristiyanong Arabo ay kanilang ginamit ang pangalan na ito sa pagtawag sa Diyos, at siya ring pangalan na ginamit sa mga Bibliya sa wikang Arabik.

**Muhammad**: Ang huling Sugo ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah, ipinadala si Propeta Muhammad (nawa'y mapasakanya ang kapayapaan at pagpapala ni Allah) para sa buong sangkatauhan.

**Qur'an**: Ang huling Aklat ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah na ipinahayag kay Propeta Muhammad.

**Islam**: Ang ibig-sabihin nito'y pagsunod at pagtalima sa kagustuhan ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah.

**Muslim**: Ang siyang tagasunod sa mga kagustuhan ng Nag-iisa at Tunay na Diyos na si Allah, na Siyang Tagapaglikha.


ALLAH IN ARABIC


MUHAMMAD IN ARABIC


THE GLORIOUS QUR'AN


A MUSLIM SUPPLICATING TO ALLAH (the True God)

# Interesado ka ba?

Kung ikaw ay interesado at nais mong matuklasan ang marami pang kaalaman at detalye patungkol sa Islam ay pumasok lamang sa aming website:

www.discoveritsbeauty.com

Maaring mo ring ipadala ang iyong katanungan o kuro kuro sa:

info@discoveritsbeauty.com

## MGA KAPAKI- PAKINABANG NA ISLAMIC WEBSITES:

https://allahsquran.com

http://www.quranexplorer.com

http://www.islamhouse.com

http://www.edialogue.org

http://www.islamreligion.com

http://www.newmuslimguide.com

## SERYE NG PAGTUKLAS SA KAGANDAHAN NG ISLAM SA LOOB NG PITONG MINUTO:

1. Tuktok lamang ng bundok ng yelo
2. Ang Relihiyon nina Adan at Eba
3. Ang Abakada ng Islam
4. Pagsagot sa Mapanuring Katanungan ng Sangkatauhan
5. Ang Kanyang mga Magagandang Pangalan
6. Ang Huling Pahayag
7. Ang Huling Sugo

# ANG PANUNUMPA SA PANANAMPALATAYA
## (ANG PINTO SA PAGPASOK SA ISLAM)

"Ako ay sumasaksi na walang ibang panginoon kundi si Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay sugo ni Allah"

Sa wikang Arabik:

أشهد أن لا إله إلا الله وأشهد أن محمدا رسول الله

Ganito ito binibigkas:

***ASH-HADU ALLA ILAHA ILLA ALLAH, WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN RASOOLULLAH***



بوابتك إلى الترجمة الإحترافية

Your Gate to Professional Translation

www.gatetotranslation.com

info@gatetotranslation.com

مركز أصول
Osoul Center
www.osoulcenter.com

ISLAM HOUSE

EIECC Program

DISCOVER ITS BEAUTY
WWW.DISCOVERITSBEAUTY.COM

GLOBAL ACADEMY FOR TRANSLATION AND EDUCATION (GATE)
LONDON | THE UNITED KINGDOM

رأس الجبل الجليدي للتعريف بجمال الإسلام
( باللغة الفلبينية )

Scan it!